



## Babalâ Ukol Sa Pandaraya Sa Pagkuha ng Visa!

**Nakakatanggap ka ba ng mga alok ukol sa pagpunta sa Canada?**

### MGA GARANTISADONG VISA AT TRABAHO SA CANADA!

Mga garantisadong work permit! Libreng scholarship! Mga trabaho sa Canada na mataas ang sahod kahit kaunti o walang karanasang kinakailangan! Libreng plane ticket at tirahan! Garantisadong trabaho! SPECIAL programs! Kumita ng \$4,000 bawat buwan bilang taga-linis sa hotel!

**HUWAG MAGING BIKTIMA! Kung ang alok ay mukhang masyadong maganda upang maging totoo, malamang na ito ay isang panloloko.**

**Ang mga dapat mong malaman:**

- **Hindi** mo kinakailangang kumuha ng isang immigration representative upang mag-apply para sa isang visa o para makakuha ng Canadian citizenship.
- Ang immigration representatives ay **walang** mga natatanging koneksyón sa mga pinuno ng pamahalaan ng Canada at **hindi** nila magagarantiya sa iyo na mabibigyan ka ng visa.
- Ang mga **awtorisadong opisyal** lamang ng Canadian Embassy, mga high commission at mga konsulado ang makapagpapasiya kung magbibigay ng visa o hindi.
- Huwag magtangkang gumamit ng mga palsipikadong dokumento dahil matatanggihan ang iyong aplikasyon.
- Mag-ingat sa mga internet scam (mga panloloko sa internet) at mga hindi tunay na website. Ang opisyal na website ng Citizenship and Immigration Canada (CIC) ay [www.cic.gc.ca](http://www.cic.gc.ca). Maaari ring kontakin ang website ng Canadian Embassy, Manila na [www.philippines.gc.ca](http://www.philippines.gc.ca)
- Makakahanap ka ng **mga libreng [application forms and guides](#)** para sa anumang uri ng visa sa mga nabanggit na website.
- Ang bayad sa pagproseso ng aplikasyon ay pare-pareho sa lahat ng Canadian Visa offices sa buong mundo. Ang bayad sa local currency ay batay sa opisyal na exchange rate at katumbas ng halaga sa Canadian dollars.
- **Hindi kailanman** hihilingin ng Canadian visa offices na magdeposito ka ng pera sa mga personal na bank account ng isang indibidwal o kaya na mag-remit ka ng pera gamit ang isang pribadong kompanya na nagre-remit.
- Kung mayroong kang mga katanungan, kontakin ang CIC o ang visa office na may responsibilidad sa iyong lugar.

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon ukol sa kung sino ang maaaring **legal na kumatawan sa iyo** kung nais mong kumuha ng isang immigration representative, tingnan ang web pages ng CIC ukol sa Immigration Representatives (<http://www.cic.gc.ca/english/information/representative/index.asp>).